

5 MAGAGANDANG *epekto* NG RICE TARIFFICATION LAW SA MGA AVERAGE PINOY RICE *consumers*



Nagiging **abot-kaya** ang presyo ng bigas para sa lahat

Simula nang ipatupad ang Rice Tariffication Law (RTL), umabot sa pinakamababang average retail price ang bigas na Php36.67 kada kilo noong November 2019 kumpara sa Php49.37 kada kilo noong September 2018. Tinatayang ito na ang pinakamababa sa loob ng nakaraang tatlong taon. (Source: PSA, 2018, 2019)



Magkakaroon ng **subi** ang mga manggagawa

Ang sobrang pera mula sa mas murang bigas ay maaari nang maging savings ng pamilya na magagamit sa mga gastusin sa bahay, pag-aaral ng mga bata, atbp. Ayon sa datos, ang mababang presyo ng bigas ay nakapagpapataas ng household spending. Dahilan upang umangat ng 6.2 porsyento ang gross domestic product (GDP) ng bansa nung third quarter ng 2019. (Source: DOF, 2019)



Mapapabuti ang **nutrisyon at pangkalahatang kalusugan** ng mga mamamayan

Makaka-access na ang mga Pilipino sa abot-kaya at mataas na kalidad ng bigas. Kung kaya't inaasahang bubuti ang pangkalahatang nutrisyon ng bansa. Tinatayang 2.1 milyong tao at malnourished children ang hindi na magugutom sa taong 2025.¹ (Source: NEDA, 2019)



Magagamit na ang **buwis** sa iba pang sector

Hindi na kukuhanin ng National Food Authority (NFA) ang malaking bahagdan ng buwis ng mga Pilipino para sa pag-iimport ng bigas. Sa halip, magkakaroon pa ng kita ang bansa mula sa buwis ng imported na bigas. Samantala, ang buwis ng mamamayan ay maaari nang mailaan sa mga programang pang-edukasyon, kalusugan, infrastruktura at iba pa. (Source: DOF, 2020)



Matutulungang maging **globally competitive** ang ating mga magsasaka

Pinoprotektahan ng RTL ang kapakanan ng mga magsasaka. Nasa Php10 billion ang makukuha mula sa tariff kada taon na magiging pondo ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF). Ito ay para sa rice mechanization, quality seeds, training at expanded rice credit assistance na para sa mga magsasaka. (Source: RA 11203)

Philippine Center for Postharvest
Development and Mechanization

Science City of Muñoz, Nueva Ecija,
3120, Philippines

 Website | www.philmech.gov.ph

 Facebook | @philmech

 Email Address | rcefmechanization@gmail.com



MAHAHALAGANG *benepisyo* NG RICE MECHANIZATION SA MAGSASAKANG *Pilipino*

PROBLEMANG *matutugunan* NG RICE MECHANIZATION

Mataas na production cost kada kilo ng bigas
(Source: PhilRice, 2014)




Mataas na postharvest losses
(Source: PHilMech, PhilRice, 2010)

16.47 PORSYENTO
Drying: 5.86%
Milling: 5.52%

Mataas na labor use
(Source: PhilRice, 2014)

Mababang mechanization level (horsepower/hectare)
(Source: PHilMech, 2011)



BENEPISYONG *maidudulot* NG RICE MECHANIZATION

BABABA ANG PRODUCTION COST

Nasa Php 12.41/kg ang kabuuang production cost ng palay sa Pilipinas. Php3.76 dito ay napupunta sa manual labor. Kung gagamit ng kumpletong makinarya makakatipid ng hanggang Php3.50/kg ang mga magsasaka. (Source: PHilMech, PhilRice)

AANGAT ANG ANI AT KITA

Aangat ang ani kung gagamit ng mga tamang makinarya sa land preparation at crop establishment. Mas maraming ani, mas malaki ang kita. Dagdag pa rito ang savings mula sa nabawas na porsyento sa production cost.

MABABAWASAN ANG POSTHARVEST LOSSES

Sa paggamit ng mga tamang makinarya sa harvesting, drying at milling, nasa 10-13% ng losses ang masasagip ng mga magsasaka. Sa halip na maitatapon na, magiging kita pa. (Source: PHilMech)

BIBILIS AT GAGAAN ANG PAGSASAKA

Magiging mas mabilis ang gawain sa bukid.

- Technical capacities of agri-machinery:*
- Land prep using tractors: 1-2 ha/day
 - Mechanical transplanter/Precision seeder: 3 ha/day
 - Mechanical dryer: 1 ton/hour
 - Rice combine harvester: 3-5 ha/day

"AARANGKADA ANG *magsasaka*, SA TAMANG *makinarya*!"